

Taon XL Blg. 18 Setyembre 21, 2009 www.philippinerevolution.org


Editoryal

Laban ng bayan kay Arroyo sa halalang 2010

ng nalalapit na halalang 2010 ay idaraos sa harap ng nag-aalimpuyong galit ng mamamayan sa rehimeng Arroyo. Sa harap ng kaliwa't kanang korapsyon, kalupitan at mga kasinungalingan ng rehimen, matatag ang determinasyon ng bayan na patalsikin at panagutin ito—sa pamamagitan man ng boto o tuwirang sama-samang pagkilos. Ang darating na halalan ay inaasahan ng marami na magsisilbing pagkakataon upang husgahan at iwaksi si Gloria Arroyo at ang kanyang mga alipures, itapon sila sa basurahan ng kasaysayan at parusahan sa mga krimen nila sa bayan.

Subalit tulad ng dati, ang nakatakdang halalan sa 2010 ay magpapakita lamang sa labis na kabulukan ng naghaharing sistemang pampulitika at magsisilbing paraan para magpatuloy ang mapang-api at mapagsamantalang sistema. Patuloy na maghahari rito ang maruming pulitika ng mga reaksyunaryong uri at ang pagwawagi'y nakasalalay sa paggamit ng salapi, panlilinlang, pyudal na impluwensya, karahasan, maruruming maniobra at pandaraya.

Ibayong pinasasahol ng naghaharing rehimeng Arroyo ang kabulukan ng naghaharing sistemang pampulitika at ng reaksyunaryong eleksyon. Sa desperasyon nitong manatili sa poder, ginagamit nito ngayon ang lahat ng rekurso ng estado at pinakamaruruming paraan upang mailuklok ang alipures nito sa Malacañang at sa gayo'y maipagpatuloy ang kanilang pagnanakaw sa kabang-bayan at maiwasan ang pagharap sa



mga kasong kriminal.

Inaasahan ni Arroyo na oras na maupo ang kanyang alipures sa poder, isasakatuparan nito ang pagbabago ng konstitusyon upang gawing parlamentaryo ang sistema ng gubyerno. Bibigyang-daan nila ang pag-upo ni Arroyo bilang punong ministro. Sakaling mabigo sa layuning ito, tuluy-tuloy na kinokonsolida ni Arroyo ang kanyang pwersa sa loob ng militar at pulisya habang kaliwa't kanan ang pagbubuo ng mga senaryo para sa posibleng pagpapataw ng isang anyo ng paghaharing militar.

Sinasamantala at pilit na pinalalala ng pangkating Arroyo ang pagkakawatak-watak ng pampulitikang oposisyon upang makalamang sa eleksyon sa kabila ng sukdulang pagkakahiwalay ng naghaharing rehimen sa mamamayan. Bigo pa ang pampulitikang oposisyon na magkaisa sa ilalim ng iisang banderang anti-Arroyo, tanda ng lalim ng pagkakahati ng mga naghaharing uri sa iba't ibang paksyon batay sa kani-kanilang interes sa ekonomya at pulitika.

Sa kabilang panig, patuloy na lumalawak ang kilusan ng mga mamamayang nagnanais gamitin ang halalang 2010 bilang karagdagang larangan ng pakikibaka para sa pagpapatalsik sa kinamumuhiang rehi-

Mga tampok sa isyung ito...

Daluyan ng nakaw na yaman

PAHINA 2

Kambal-pasista, kambal-tuta

PAHINA 4

Mga kasapi ng MILF sa pagsasanay-medikal ng BHB PAHINA 7 meng Arroyo at pagsusulong ng demokratiko at patriyotikong adyenda ng bayan. Nais nilang pawiin ang bulok na pulitika ng mga tradisyunal na pulitiko. Iginigiit nila ang bagong pulitika—ang pulitika ng mamamayan—kung saan ang eleksyon ay magsisilbing larangan ng pagsusulong ng pambansa at demokratikong interes ng bayan at ang magwawagi ay susukatin sa kanyang patriyotismo at pagpanig sa mamamayan.

Sa partikular, ang nakatakdang halalan ay nais nilang gamiting larangan ng paglaban sa korapsyon ng naghaharing pangkating Arroyo, sa pakanang chacha, sa panunupil at pagyurak sa karapatang-tao, sa panghihimasok ng US, sa permanenteng presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa at sa mga atrasado at anti-mamamayang patakaran sa ekonomya.

Dahil sa lawak at lakas ng mga progresibong pwersa, nasa katayuan sila upang makabuluhang impluwensyahan ang darating na halalan. Isa silang potensyal na pwersa na maaaring magbuo ng malawak na nagkakaisang prente ng lahat ng pwersang anti-Arroyo. Maaari silang pumagitna sa layuning matipon ang

lakas ng iba't ibang sektor, mga pwersang patriyotiko, progresibo at demokratiko at mga oposisyunistang pulitikal upang sama-samang suungin ang halalan sa 2010, labanan at biguin ang pandaraya at lahat ng pakana para palawigin pa ang paghahari ni Gloria Arroyo, pabilisin ang pagbagsak ng kanyang rehimen at tiyakin na pagbabayaran ni Arroyo ang lahat ng krimen niya laban sa mamamayan.

Napakahalaga na puspusang maiabante at maging instrumento ng mamamayan ang kanilang bagong pulitika para sa makabuluhang pagsusulong ng mga saligang interes ng bayan.

Gayunpaman, nananatiling mulat ang mga progresibong pwersa sa tunay na katangian ng reaksyunaryong eleksyon bilang instrumento ng naghaharing sistema. Puspusan silang makikihamok sa darating na halalan upang gamitin iyon sa pakikibaka para sa pagpapatalsik kay Arroyo at kamtin ang pinakamalaking posibleng tagumpay sa larangang ito. Subalit patuloy silang nakatanaw sa pangmatagalang rebolusyonaryong layunin na wakasan ang naghaharing sistema at itaguyod ang bagong sistemang nakabatay sa tunay na demokrasya at lakas ng bayan.

Daluyan ng nakaw na yaman

I uling nabunyag kamakailan ang malawakang paggamit ng mga Arroyo ng mga pekeng non-governmental organization (NGO) at foundation bilang daluyan ng mga nakaw na yaman.

Batay sa mga dokumento ng Securities and Exchange Commission (SEC), ang pamilyang Arroyo at kanilang malalapit na kaibigan at kasosyo sa negosyo ang mga incorporator o nagpundar sa hindi bababa sa siyam na mga NGO at foundation. Itinatag ang mga ito mula nang maging senador si Gloria Arroyo. (Tingnan ang talahanayan sa pahina 3.)

Ayon sa Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), ang apat dito—ang Amigo Foundation, Kagabay ni Glo, CDI-Asia-Pacific at First Gentleman Foundation—ay itinatag nang maluklok na sa poder si Arroyo bilang pangulo.

Nakalista si Arroyo bilang isa sa mga *incorporator* ng KGMA at CDI-Asia-Pacific. Sina Jose Miguel "Mi-ke" Arroyo, kapatid nitong si Rep. Ignacio "Iggy" Arroyo (Negros Occidental), pinsan ni Gloria na si Alfredo Guico at pinakamalapit na mga kaibigan ng pamilya na sina Edgardo Manda at Efren Genuino ang iba pang mga kilalang *incorporator* ng KGMA. Si Manda ang hinirang na tesorero nito. Tanda ng kanilang paqiqing malapit sa mga Ar-

ANG Bayan

Taon XL Blg. 18 Setyembre 21, 2009

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Daluyan ng nakaw na yaman	2
Kambal-pasista, kambal-tuta	4
Hamon kay Noynoy Aquino	4
Pananalanta ng pasistang estado)
2 <i>hors de combat</i> , pinaslang	5
Pari, pinatay ng militar	6
Ambus kay Ka Choy, kinundena	6
Nat'l Artist, tinitiktikan ng AFP	6
4 na sundalo, napatay sa ambus	7
Mga kasapi ng MILF, dumalo sa	
pagsasanay-medikal ng BHB	7
Mga Lumad, ayaw sumapi	
sa grupong paramilitar	8
Mga mersenaryo ng US	9
Balita	10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas royo, si Genuino ngayon ay tagapangulo ng ahensyang Philippine Games and Amusement Corporation (PAGCOR) at si Manda naman ay nagsilbi sa isang panahon bilang general manager ng Ninoy Aquino International Airport. Siya ngayon ang namamahala sa Laguna Lake Development Authority.

Mga incorporator din ng KGMA ang panganay na anak na lalaki ni Arroyo na si Rep. Juan Miguel "Mikey" Arroyo (Pampanga) samantalang sina Rep. Diosdado Ignacio "Dato" Arroyo (Camarines Sur) at asawa nitong si Maria Victoria ay mga incorporator ng Amigo Foundation.

Mga iskandalo. Hindi ito ang unang pagkakataon na nabunyag ang pagkakasangkot ng mga pekeng NGO at foundation ni Arroyo sa mga iskandalo. Noong nakaraang mga taon, nasangkot sa binansagang fertilizer fund scam ang PSDFI, POPDI, AGS, Molugan Foundation, Inc. at National Organization for Agricultural Enhancement and Productivity. Ang mga pekeng NGO na ito ang tumanggap daw ng milyun-milyong pisong halaga ng abono na ipinamahagi sa ilalim ng proyektong Ginintuang

Masaganang Ani. May mga ulat na di bababa sa ₱152.5 milyon ng kabuuang pondong ₱758 milyong sangkot sa proyekto and napunta sa bulsa ng mga Arroyo sa pamamaqitan nq q

founda-

tion na ito.

Noong 2003 ay nasangkot sa kontrobersya ang Lualhati Foundation nang sabihin ni Arroyo na dito niya ibinigay ang isang tsekeng Mga pekeng NGO at foundation ng mga Arroyo

- 1 Amigo Foundation
- 2 Kaqabay ni Glo
- 3 Centrist Democrat International (CDI-Asia-Pacific)
- 4 First Gentleman Foundation
- 5 Kaibigan ni GMA Foundation Inc. (KGMA)
- 6 Philippine Social Development Foundation Inc. (PSDFI)
- 7 People's Organization for Progress and Development Inc. (POPDI)
- 8 Molugan Foundation Inc.
- 9 Assembly of Gracious Samaritans Foundation Inc. (AGS)
- 10 National Organization for Agricultural Enhancement and Productivity (NOAEP)
- 11 Lualhati (Glory) Foundation
- 12 Gloria's League of Women, Inc. (GLOW)
- 13 GMA 2010 Movement
- 14 Kasangga
- 15 Bigkis Pinoy
- **16** Ginintuan at Makabayang Alay Foundation (GMA Foundation)
- 17 Glory for the Streetchildren Foundation

nagkakahalagang P8 milyon mula sa negosyanteng si Mark Jimenez. Pero nagkabuhul-buhol ang kwento nang itanggi ito ng foundation.

Pekeng mga numero ng telepono. Naging kahina-hinala ang mga NGO at foundation ng

mga Arroyo dahil wala itong tunay na mga numero ng telepono o *address* man lamang. Karamihan sa mga ito ay may upisina umano sa

ikawalong palapag ng LTA Building sa Makati City. (Ang LTA Building ay pag-aari ng pamilya ni Mike Arroyo). Pero kung tatawa-

qan

naturang mga numero ay ibang upisina ang makokontak. Halimbawa, ang numero ng telepono ng GLOW ay ginagamit ng isang sangay ng Security Bank samantalang iba pang upisina naman ang sumasagot sa numero ng telepono ng GMA 2010 Movement. Walang sumasagot naman sa tatlong iba pang numero ng telepono at hindi makita ang mga *address* nito.

Walang ulat sa mga programa at proyekto. Dapat taun-taon ay nagsusumite ang mga NGO o foundation ng ulat pampinansya sa SEC. Dapat may ulat din kung saan nanggaling ang mga rekurso nito at ang laki ng mga pondo ng mga programa at proyekto. Ayon sa PCIJ, walang maipakita ang mga NGO at foundation ng mga Arroyo kung saan nanggagaling ang mga pondo nito. Wala ring makitang dokumento sa SEC tungkol sa mga programa at proyekto ng mga NGO at foundation.

Habang papalapit ang eleksyon ay tiyak na muling titingkad ang papel ng mga pekeng NGO ng mga Arroyo dahil muling gagamitin ang mga ito bilang daluyan ng pondong pantustos sa malawakang pandaraya.

Kambal-pasista, kambal-tuta

ng pagpili ng naghaharing partido kina Defense Secretary Gilbert Teodoro at Interior Secretary Ronaldo Puno bilang kandidato sa pagkapangulo at pangalawang pangulo sa elek-

syong 2010 ay malinaw na nagpapakita ng mga prayoridad ng rehimeng US-Arroyo: ang pag-ibayuhin ang kampanya ng panunupil sa bayan at gawin ang lahat ng posibleng paraan, kabilang ang pagpapataw ng batas militar, upang tiyakin ang pagpapatuloy ng tiwali, marahas at mapanlinlang na paghahari ni Gloria Arroyo.

Sina Teodoro at Puno ay kambal-pasista at kambal-tuta. Ang dalawang asong ito ni Arroyo ay nagpamalas ng sukdulang pangangayupapa sa imperyalismong US at garapal na nagtataguyod sa patakaran ng pasistang panunupil laban sa organisadong paglaban ng mamamayan.

Bilang defense secretary, tuluytuloy na sinusulsulan ni Teodoro ang militar para maglunsad ng total war laban sa mamamayang Moro at mga pwersang rebolusyonaryo. Tulad ng padrino at tiyuhin niyang si Eduardo "Danding" Cojuangco, isa siyang asong pasista na walang sinasanto sa paggamit ng buong pwersa ng estado laban sa mamamayan.

Si Ronaldo
Puno ang pinakatugmang pasistang
katambal ng relatibong baguhang si
Teodoro. Sa ilalim ng
interior department ng
diktadurang Marcos, iti-

nulak ni Puno ang pagbubuo ng

Barangay Tanod at binalak iyong armasan at itransporma tungo sa kanyang bersyon ng Brownshirts ni Hitler na ginamit para supilin ang

mga kalaban ng pasistang rehimeng Nazi sa Ger-

many. Nakapagtayo
na noon si Puno ng
ilang lihim na
training camp sa
Tagaytay at iba
pang lugar para sa
hukbo ni Marcos
ngunit naunahan na
ito ng pag-aalsang
EDSA noong 1986.

Mula pa noong 2006, itinutulak na ni Puno ang pag-aarmas ng mga pwersang panseguridad

> sa mga barangay para paghandaan ang

pag-iibayo ng paglaban ng mamamayan sa pagpapalawig ng paghahari ng rehimeng Arroyo. Kasabwat ang iba pang matataas na upisyal

militar, responsable si Puno sa pananalasa ng mga death squad na pumaslang na ng halos isanlibong magsasaka, manggagawa, estudyante, guro, empleyado ng gubyerno, taong simbahan at iba pang kritiko ng rehimeng Arroyo.

Kapag naluklok sina Teodoro at Puno, halos wala nang posibilidad na malutas ang mga sosyo-ekonomikong ugat ng gera sibil sa pamamagitan ng mapayapang pag-uusap. Tuwiran silang kasalungat ng usapang pangkapayapaan.

Hinirang si Teodoro bilang kandidato ng naghaharing partido ilang araw lamang matapos siyang makipag-usap kina US Defense Secretary Robert Gates at CIA Director Leon Panetta. Nagprisinta si Teodoro bilang karapat-dapat na tuta ng mga imperyalistang Amerikano. Pinuri niya ang interbensyong militar ng US sa Pilipinas, kinatigan ang pagpapatuloy ng Visit-

Reporma sa lupa, hamon kay Noynoy Aquino

Hinahamon ngayon ng mamamayan si Benigno "Noynoy" Aquino III sa harap ng kanyang pagdedeklara ng kandidatura para sa pagkapangulo ng Pilipinas sa 2010, na ipatupad ang repormang agraryo dahil kabilang ito sa mga trabahong nabigong gawin ng kanyang inang si dating Pres. Corazon Aquino.

Partikular na hamon hinggil sa repormang agraryo ang pamamahagi ng mga lupain sa Hacienda Luisita sa mga magsasakang malaon nang nagbubungkal at tunay na nagmamay-ari nito. Ayon kay Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, "Ang Hacienda Luisita...ay dapat na pag-aari ng publiko at dapat na isailalim sa repormang agraryo. Ang mga manggagawa sa agrikultura ang lehitimong may-ari nito."

Bukod sa usapin ng repormang agraryo, malaking hamon din ng mamamayan kay Noynoy Aquino ang pagtigil sa mga paglabag sa karapatang-tao. Ayon sa Pagbabago! People's Movement for Change, "Hinihintay ng lahat ang plataporma niya para sa tunay na pagbabago."

ing Forces Agreement at lahat ng iba pang tagibang na tratado at muling nagpatibay ng suporta sa pandaigdigang teroristang kampanya ng US. Kinatigan niya ang permanenteng presensyang militar ng US sa Pilipinas.

Sa pamamagitan ng pagpili kina Teodoro at Puno, sinisiquro ni Gloria Arroyo na mabigo man siyang itulak ang pakanang charter change bago maghalalan, ang gubyerno na ng tauhan niyang si Teodoro ang gagawa nito. Layunin ni Arroyo—na balak tumakbong kongresista sa Pampanga—na sa pamamagitan ng chacha ay mabibigyang-daan ang pag-upo niya bilang punong ministro ng isang qubyernong parlamentaryo. Ipinahayaq na ni Teodoro na isa sa mga pangunahing prayoridad niya ang itulak ang chacha.

Bilang mga kandidato ng naghaharing rehimen, tiyak na makikinabang sila sa makinarya ng pandaraya na qinamit ni Arroyo para kontrolin ang resulta ng halalan noong 2004. Ngunit tiyak na itatakwil sila ng sambayanang Pilipino na tumpak sa paniniwalang magsisilbi lamang sila sa pagpapalawig ng tiwali at bulok na paghahari ni Arroyo.

(Halaw sa pahayag ng PKP, Setyembre 17, 2009)



ANG BAYAN Setvembre 21, 2009

2 hors de combat, pinaslang

alawang hors de combat na Pulang mandirigma ng BHB ang pinatay ng mga sundalo ng rehimeng US-Arroyo. Isang lider-katutubo at isang magsasaka ang pinaslang habang isang kabataang aktibista ang dinukot nitong unang hati ng Setyembre.

Setyembre 9. Pinatay ng mga elemento ng 42nd IB ng Philippine Army ang dalawang Pulang mandirigma ng BHB na sina Jacob R. Bongcalmo (Ka Jay-ar) at Christian Renegade (Ka Ryan). Ang dalawa ay kapwa hors de combat o walang kakayahang lumaban nang madakip sa isang labanan sa pagitan ng BHB at militar sa Sityo Sto. Domingo, Barangay Itangon, Bula, Camarines Sur. Sa ilalim ng internasyunal na batas sa digma, ang mga hors de combat ay may karapatan sa atensyong medikal at ipinagbabawal ang pagpatay sa kanila ng pwersang nakadakip. Si Ka Jay-Ar ay may tama ng bala sa binti nang mahuli subalit pinosasan bago tadtarin ng bala. Si Ka Ryan naman ay hindi suqatan nang madakip.

Setyembre 7. Dinukot ng apat na pinaghihinalaang sundalo ng 17th IB si Noriel Rodriguez, aktibong kasapi ng Anakbayan-National Capital Region sa Sityo Sta. Isabel, Barangay Tapel, Gonzaga, Cagayan. Nagtungo si Rodriguez sa Cagayan upang tumulong sa samahang magsasaka ng Kagimungan, ayon sa Anakbayan. Siya ay ika-15 kasapi ng Anakbayan na naging biktima ng pagdukot sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo.

Setyembre 5. Isang magsasaka ang pinagbabaril at napatay habang papauwi sa kanyang bahay sa Sityo Cambabang, Barangay Cogon, Basey, Samar. Ang biktima na

si Romulo "Muloy" Mendoba, 43 taong gulang, ay kasapi ng Kapunungan han Basaynon nga Paraguma (KABAPA), isang progresibong organisasyon ng mga magsasaka. Kasama ni Mendoba ang kanyang asawa nang tambangan ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo.

Isang linggo bago mapatay si Mendoba ay ipinatawag siya ng militar at pinaratangang sangkot sa matagumpay na reyd ng mga gerilya ng BHB sa detatsment ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit sa Barangay Cancaiyas, Basey. Ayon sa mga residente rito, matagal nang pinag-iinitan ng militar ang Basey. Madalas silang pagbantaan ng mga sundalo at nagsabi pang "mayroon pa kaming mga papatayin" matapos mapaslang si Mendoba.

Setyembre 2. Pinatay si Datu Mampaagi Belayong, tagapangulo ng Linundigan sa Barangay Kinamaybay, Esperanza, Agusan del Sur. Ang Linundigan ay isang organisasyon ng mga Higaonon na tutol sa pagpasok ng mga minahan at malakihang plantasyon sa kanilang lupang ninuno.

Positibong tinukoy ng asawa ng biktima ang mga salarin na sina Datu Manlapagan Bato at isa pang kasama nito na parehong kasapi ng Task Force Gantangan-Bagani Force, isang grupong paramilitar na itinayo ng Eastern Mindanao Command ng Armed Forces of the Philippines. Ayon sa Kusog sa Katawhang Lumad sa Mindanao (KALUMARAN), panlima na si Datu Mampaagi sa pinatay na mga lider ng mga organisasyon sa ilalim ng KALUMARAN sa loob lamang ng nakalipas na anim na buwan. ΑB

Pari, pinatay ng militar

Tinambangan at napatay ng pinaghihinalaang mga sundalo ng AFP si Fr. Cecilio Lucero ng Simbahang Romano Katoliko at kura paroko ng Catubig noong Setyembre 6 sa Sityo Fuente, Barangay Layuhan, San Jose, Northern Samar. Nasugatan din ang dalawa pang kasama ng pari nang pagbabarilin sila ng limang taong nakamaskara at naka-unipormeng militar.

Si Fr. Lucero ay tagapangulo ng Social Action Center ng Dyosesis ng Catarman, Northern Samar, pinuno ng Committee on Human Rights, pinuno ng Task Force Peace and Order at kasapi rin ng Promotion of Church People's Response.

Ayon kay Fr. Santiago Salas, tagapagsalita ng NDF-Eastern Visayas, mismong si Gloria Arroyo ang nag-udyok sa pagpatay kay Fr. Lucero. Sa harap ng matataas na upisyal ng militar at mga pulitiko na dumalo sa inagurasyon ng isang tulay sa bayan ng Las Navas noong Hunyo 16, binansagan ni Arroyo si Fr. Lucero na isang "paring komunista".

Malaking kawalan sa simbahan, sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at ng mamamayang Samareño ang pagkamatay ni Fr. Lucero.

Ambus kay Ka Choy Pernia, kinundena

Kinundena ng NDFP ang pananambang sa komboy na may dala kay Glicerio "Ka Choy" Pernia, detenidong rebolusyonaryong lider sa Bicol at konsultant ng NDF sa usapang pangkapayapaan. Naganap ang ambus nitong Setyembre 16 sa Binogsacan, Guinobatan, Albay habang ibinabyahe ng mga pulis si Ka Choy patungong Legazpi City matapos ang isang pagdinig sa korte sa Ligao City.

Ayon kay Ka Gregorio Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bicol, kagagawan ng militar ang pagtatangka sa buhay ni Ka Choy. Gawa-gawa lamang, aniya, ang naunang kwentong pinalabas ng militar na ang ambus ay pagtatangka ng Bagong Hukbong Bayan na itakas ang detenidong lider.

Ayon naman kay Luis Jalandoni, punong negosyador ng NDFP, ang kwentong pinalalabas ng AFP ay pinabubulaanan mismo ng makapal na presensya ng militar sa pinangyarihan ng ambus. Aniya, ang eryang pinag-ambusan ay puno ng mga kampo at yunit ng militar at pulisya.

"Isa na naman itong lantarang paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG)," ani Jalandoni.

Tinuligsa rin ni Jalandoni ang malisyoso at walang batayang kwento ng AFP na ang ambus ay pagtatangka ng BHB na parusahan si Ka Choy kaugnay ng diumano'y mga kaso niya laban sa kilusan. Ani Jalandoni, kabilang si Ka Choy sa mga konsultant ng NDFP na iginigiit nitong palayain alinsunod sa JASIG bago ituloy ang nauntol na usapang pangkapayapaan.

National Artist, tinitiktikan ng AFP

ISANG tauhan ng Philippine Marines ang nahuli sa aktong pagmamanman sa bahay ni Prof. Bienvenido Lumbera, National Artist for Literature, sa Quezon City noong Setyembre 17. Bandang alas-6 ng umaga nang alertuhin ng mga katulong ni Lumbera ang mga gwardya ng subdibisyon dahil napansin nila ang tatlong lalaking kumukuha ng litrato sa bahay ng propesor. Ang sundalo ay kinilalang si Cpl. Hannibal Guerrero. Nakatakas ang dalawa pa niyang kasamahan.

Agad naghugas ng kamay ang Malacañang sa nangyaring pang-eespiya sa kabila ng pag-amin ng Philippine Navy na ang nahuling sundalo ay kabilang sa nagsasanay na mga elemento ng Naval Intelligence Security Force. Pinalalabas ng AFP na ang paniniktik sa bahay ng propesor ay bahagi ng praktikum sa pagsasanay ng mga sundalo. Matapos humingi ng paumanhin sa nabulilyasong proyekto, inamin ni Lt. Col. Edgar Arevalo, tagapagsalita ng Philippine Navy, na may misyon ang ahenteng militar na manmanan ang bahay ni Lumbera dahil pinupuntahan daw ito ng mga kaaway ng estado.

Mariing binatikos ng mga progresibong organisasyon ang paniniktik kay Lumbera. Anang partidong Alliance of Concerned Teachers (ACT), na pinamumunuan ni Lumbera, pananagutin nito ang gubyernong Arroyo kung may masamang mangyayari sa aktibistang propesor.

Si Lumbera, 77, ay kagawad ng Pambansang Konseho ng BAYAN, tagapangulo ng Concerned Artists of the Philippines (CAP), at pambansang tagapangulo ng bagong ACT Party. Ang kanyang bahay ang siyang nagsisilbing hedkwarters ng bagong partido. Si Lumbera ay nakulong na noong panahon ng batas militar dahil sa pamumuno niya sa progresibong Panitikan para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA).

4 na sundalo, napatay sa ambus

Apat na sundalo ng 69th IB ang napatay sa ambus ng mga Pulang mandirigma ng Front 54 ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sityo Malikongkong, Barangay Suawan, Marilog District, Davao City noong Setyembre 8. May ilan pang nasugatang sundalo nang pasabugan ng BHB ng command-detonated explosive (CDX), ayon kay Ka Sandawa, tagapagsalita ng Front 54 Operations Command ng BHB sa Southern Mindanao Region.

Ang nasabing ambus ay pangatlo sa sunud-sunod na taktikal na opensiba laban sa bagong dating na 69th IB. Nangyari ang ikalawang taktikal na opensiba noong Setyembre 5 nang magsagawa ng aksyong harasment ang mga Pulang mandirigma ng 1st Pulang Bagani Company (PBC-1) sa detatsment ng 69th IB sa Paquibato District. Noong Agosto 30 naman ay tinambangan sila ng PBC-1 sa Calinan District kung saan apat ang napatay at nasugatan ang anim na iba pa.

Para pagtakpan ang sunud-sunod nilang pagkatalo, sinabi ni Lt. Col. Cesar de Mesa, hepe ng 69th IB na natamaan si Ronald Sayan, isang drayber ng motorsiklo, nang pasabugin ang CDX ng BHB. Ang totoo, ayon kay Ka Sandawa, tatlong minuto na ang nakararaan nang dumaan si Sayan sa lugar ng labanan. Nasugatan siya nang pagbabarilin siya ng nagulantang na militar.

Ani Ka Sandawa, palaging tinitiyak ng BHB ang kaligtasan ng mga sibilyan.

Mga kasapi ng MILF, dumalo sa pagsasanay-medikal ng BHB



arami na kaming naririnig tungkol sa BHB (Bagong Hukbong Bayan) at sa husay nito sa iba't ibang larangan ng gawain. Pero iba talaga ang makasalamuha namin sila." Ito ang sabi ng isang kadre ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na kabilang sa kauna-unahang grupo mula sa MILF na dumalo sa pagsasanay-medikal ng BHB na inilunsad sa Southern Mindanao Region (SMR) noong Hulyo.

Anang mga dumalo, matagal na silang nangangailangan ng pagsasanay-medikal lalupa't walang patlang ang panggegera ng reaksyunaryong gubyerno sa kanila. Nais din nilang makapagbigayserbisyo sa mamamayang Moro na malaon nang pinagkakaitan ng serbisyong pangkalusugan. Ang mga dumalo ay mga pultaym na mandirigma ng Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF), ang hukbo ng MILF.

Diniinan sa treyning ang combat surgery (pag-oopera sa gitna ng labanan) at orthopedic management (pag-asikaso sa pinsala sa buto). Pinag-aralan sa orthopedic management ang tatlong kasamang nasugatan sa huling taktikal na opensiba. Tinalakay din ang abdominal surgery (pag-oopera sa ti-

yan) at pangangasiwa ng *trauma*— pisikal at mental—na may diin sa mga sugat na sanhi ng bala.

Humalaw ang mga medik ng mga aral mula sa aktwal na labanan, kabilang ang mga kaso ng namatay dahil sa impeksyon at iba pang "simpleng" kaso na naagapan sana kung may sapat na kaalaman hinggil dito. Batayang layunin ng pagsasanay ang makapagligtas ng maraming buhay. Layunin din ng treyning ang makapagbigay ng serbisyo sa masa at makasabay sa kumpas ng tumataas na antas ng pakikidigmang gerilya.

Nagpasalamat ang mga pwersa ng MILF sa pag-aaruga ng mga Pulang mandirigma. Upang makatutok sa treyning ang mga kalahok, pinangunahan ng mga Pulang mandirigma ang pangangahoy, pagsisibak ng kahoy at pag-iigib ng tubig para sa kanila. "Kung wala kayo, hindi namin alam kung paano kami nakaagapay. Kaya pagpunta ninyo sa amin, kami naman ang mag-aalaga sa inyo," pangako ng isang kalahok.

Naging mabunga rin para sa mga Pulang mandirigma ang makapiling ang mga kapatid na Moro. Maraming natutunan ang mga Pulang mandirigma sa arawaraw na pagkilos nila at pagharap sa bigwas ng komun na kaaway.

Idinaos ang dalawang linggong pagsasanay-medikal sa isang konsolidadong baryo sa rehiyong Southern Mindanao. Sa 30 mag-aaral na nakapagtapos ng Batayang Pagsasanay Pangkalusugan, 25 ang upisyal me-

dikal ng BHB, apat ang nagmula sa MILF at isa ang aktibistang masa mula sa lokalidad. Nanguna ang upisyal medikal ng rehiyon sa pagtuturo. Bukod sa sampung batayang paksa, nagdagdag ng dalawang abanteng paksa.

Nagtapos ang treyning sa isang programa na sinaksihan ng masa at isang kumpanya ng Pulang hukbo. Matapos ito ay naglunsad ang BHB ng tatlong magkakasunod na klinikang bayan na nakapagbigay ng libreng atensyong medikal sa 76 na pasyente sa mga karatig-baryo. Nagsilbing dagdag na praktika ito sa mga bagong nakapagtapos. Ang mga nagmula naman sa MILF ay nakatakda ring maglunsad ng klinikang bayan sa mga komunidad ng Moro.

Mga Lumad, ayaw sumapi sa grupong paramilitar

Bigo ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na pwersahing ipaloob ang mga Manobo sa Task Force Gantangan (TFG). Itinatayo ng AFP ang TFG para maging balon ng Bagani Force, isang grupong paramilitar na binubuo ng iba't ibang grupong Lumad sa Mindanao para labanan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa isang larangang gerilya sa Northeastern Mindanao, sinimulan ang pagpapasapi sa TFG noong

Marso 2008. Nagpatawag ng kunwang "tampuda" ang AFP sa mga Manobo. Ang "tampuda" ay tradisyunal na paraan ng pagreresolba ng mga alitan sa pagitan ng magkakaaway na angkan o tribo. Gi-

namit lamang ng

AFP ang "tampuda"

para ilako ang TFG sa

mga Manobo. May mangilan-ngilang sumapi rito sa umpisa ngunit agad din silang tumiwalag.

Napako ang pangako ng militar na tatanggap ng ₱2,000 sweldo at isang sakong bigas kada buwan ang mga sasapi rito. Paliwanag ng AFP, hindi pa nagsisimula ang operasyon ng mina na siya raw pagkukunan ng pondo. Dagdag pa ng AFP sa mga Lumad: "Mang-agaw kayo ng armas sa BHB para

magkapera kayo."

Taliwas sa pahayag ng AFP na ang TFG ay para magbantay lamang

sa komunidad,
isinasama sila
sa mga operasyong militar. Sa ganitong pagkakataon lamang
sila naaarmasan at binabawi rin ang

isyung baril pagkatapos ng operasyon. Demoralisado ang mga kasapi ng TFG. Anila, "Walang pinagiba ang AFP sa mga pulitiko. Puro pangako, pero hindi natutupad." Dahil umasa sila sa sweldo, nangagutom ang kanilang mga pamilya dahil hindi sila nakapagtanim at nakapangisda habang kasapi ng TFG.

Dahil napagtanto ng mga Lumad na pawang panlilinlang at perwisyo sa kabuhayan ang dulot ng programang TFG, wala nang iba pang nakumbinsi ang AFP kundi 16 na indibidwal lamang na mula sa iisang pamilya na malaon nang masama ang rekord sa baryo. Sila ang mga mamamatay-tao sa lugar at sadya silang pinili ng AFP para sa TFG para takutin ang mga tao sa komunidad.

Nagmistulang garison ang isang barangay kung saan itinayo ang TFG. Sa kabila ng reklamo ng mga upisyal ng barangay, inokupa at ginawang detatsment ng mga pwersa ng reaksyunaryong gubyerno ang barangay hall. Ang mga sibilyan naman, kabilang ang mga babae ay pinaggwardya sa gabi. Lumaganap ang sugal, pag-iinom at droga sa baryo.

Ngunit nanatili ang palabang diwa ng mga Manobo. Nagpulong ang konseho ng kanilang mga lider para ilatag ang programa ng pagkilos laban sa Task Force Gantangan.

Sa isang baryo, tinaningan ng mga residente ang mga sundalong AFP na umalis sa loob ng tatlong araw. Kung hindi ay organisado silang lilikas sa komunidad bilang protesta. Sa takot naman na atakehin sila ng mga Pulang mandirig-

ma, nakipag-unahan ang mga duwag na sundalo sa paglikas sa lugar.

Nagtagumpay ang mga Manobo sa kanilang pagkilos. Binigo ng organisadong paglikas ng mamamayang Lumad sa kanilang komunidad ang pwersahang pagrerekluta ng AFP sa Task Force Gantangan at pag-iilusyong makabuo ng Bagani Force. Matapos ang tatlo hanggang limang araw ay wala nang tao sa komunidad at wala na silang marekrut. Samantala, ang mga tumi-

walag naman sa TFG ay bumalik sa kanilang komunidad.

Ang ipinangangalandakan ng militar na pagdami ng mga rekrut ay pawang kasinungalingan lamang. Sa katunayan, ang sinasabing mga bagong myembro raw ng TFG ay mga dating elemento ng CAFGU at ng Lumadnong Pakigbisog sa Caraga-Bagani Tribal Forces (Lupaca-Bagani Warriors) na binuo rin dati ng AFP at malaon nang nabuwag.

Mga mersenaryo para sa US, sinasanay sa Pilipinas

Pinaiimbestigahan kamakailan ng mga kongresista ng Bayan Muna ang mga operasyon ng Satelles Solutions, isang kumpanyang panseguridad sa Subic Freeport na pinaniniwalaang nagsasanay ng mga mersenaryo (bayaran) para sa US.

Ang Satelles Solutions ay nakalista bilang subsidyaryo ng Greystone Ltd., isa sa mga kumpanya ng dating Blackwater Worldwide. Ang Blackwater ay isa sa pinakamalalaking kontratistang militar sa buong mundo na kinukunan ng US ng mga mersenar-

ginagamit yong nito bilang pandagdag sa mqa regular pwersang militar sa mga gerang agresyon at panghihimasok nito iba't ibang sulok ng mundo.

Ipinagkaloob ng SBMA ang kundisyunal na permiso sa Satelles sa kabila ng pagbabawal sa

mga operasyon ng dayuhang tropa sa bansa. Ayon kay Sen. Rodolfo Biazon, upisyal na ginagamit ng Satelles ang dalawang gusali at mahigit 18,000 metro kwadradong lote sa kagubatan ng Subic para sa mga pagsasanay-militar nito. Sa anim na nakalistang nagmamay-ari ng Satelles, ang Greystone ang may pinakamalaking kapital habang ang lima pa (puro Pilipino) ay mayroon lamang tig-P1 puhunan.

Noong 2006, humingi na ng permiso ang Greystone Ltd. sa rehimeng US-Arroyo para magtayo ng pasilidad sa pagsasanay

sa Subic Freeport. Pero dahil sa pagbabawal ng reaksyunaryong konstitusyon sa mga operasyon ng mga dayuhang tropa nang walang tratado, tumanggi ang rehimen na lantarang iendorso ang

Greystone at sa halip ay sikretong pinaya-

Satelles Solutions.

Sa ngayon, ang operasyon sa Subic ang isa sa pinakamalalaking subsidyaryo ng Greystone. Nakapagsasanay ito ng hanggang 1,000 mersenaryo mula sa Pilipinas, Nepal, India at Fiji. Sa pangkalahatan, mas mababa ang pinapasahod ng Greystone/Blackwater sa mga Pilipino kumpara sa mga Amerikanong rekrut nito. Nagpapatakbo rin ito ng isang *training facility* sa Nairobi, Kenya.

Mayroon din itong isa pang sikretong pasilidad sa Guatemala kung saan sinasanay ang mga mersenaryo mula sa Guatemala, Honduras, El Salvador, Chile at Colombia. Bukod sa papel ng mga mersenaryong ito sa mga gerang interbensyon ng US sa Iraq at Afghanistan, sangkot din sila sa mga pagkilos laban sa mga kontra-US na rehimen. Isang halimbawa rito ang pagkaimbwelto ng mga ito sa pagpapatalsik sa presidente ng Honduras nitong taon.

Ayon sa ilang ulat, sadyang itinatag ng Blackwater ang Greystone para itago ang pagkakasangkot nito sa mga aksyong tumatarget sa mga kaaway ng US sa pulitika habang sinusuhayan ang mga rehimeng pabor sa imperyalistang paghahari nito.

Nitong 2009, pinalitan ng Blackwater ang pangalan nito tungong Xe Services LLD matapos masangkot ang kumpanya sa napakaraming iskandalo at anomalya kaugnay ng mga paglabag nito sa mga alituntunin ng digma sa Iraq at Afghanistan. Isa sa pinakatampok dito ang arbitraryo at brutal na pagpaslang ng mga mersenaryo nito sa 17 sibilyang Iraqi noong 2007.



Moske sa Jolo, pinaputukan ng mga tropa ng US

WALANG pakundangang pinaputukan ng mga tropang Amerikano at Philippine Marines ang Barter Trade Mosque malapit sa daungan ng Jolo, Sulu noong gabi ng Setyembre 14. Di bababa sa 12 tama ng bala ang tinamo ng moske at napinsala rin ang isa pang kalapit na gusali ng daungan.

Ayon sa mga ulat, nagbababa ng mga gamit mula sa isang bangka ang mga tropang Amerikano at Pilipino nang may sumabog malapit sa kanila. Bagamat walang katiyakan kung ano ang sumabog at wala namang nasaktan sa kanila, bigla na lamang pinaputukan ng mga sundalo ang moske. Gamit ang masinggan at iba pang matataas na kalibreng armas, mahigit 20 minutong nagpaputok ang mga sundalong Amerikano.

Mariing kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang mabilis na pag-abswelto ng Presidential Visiting Forces Agreement Commission sa mga tropang Amerikano. Sinabi ng komisyon na lehitimong reaksyon lang daw ang ginawa ng mga tropa ng US matapos may sumabog malapit sa kanila. Anang BAYAN, malinaw na pinagtatakpan ng komisyon ang mga sundalong Amerikano dahil ang pinaniwalaan lamang nito ay ang mga pahayag ng mga elemento ng Joint Special Operations Task Force-Philippines at hindi ang mga testimonya ng mga sibilyang nakasaksi sa mga pangyayari.

Mga Maoistang gerilya, sumusulong sa India

TAHASANG inamin ni Prime Minister Manmohan Singh ng India na lumalakas ang mga armadong gerilya at rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Communist Party of India-Maoist (CPI-M). Ang pag-aming ito ay ginawa ni Singh sa harap ng mga hepe ng pulisya mula sa iba't ibang estado ng bansa na nagpupulong sa New Delhi.

Nagtatamasa ng popular na suporta ang mga Maoista sa India dahil sa rebolusyong agraryo nitong nakaraang 20 taon nang pakikibaka. Dahil dito, ang mga gerilyang Maoista ay nakakikilos sa malapad na bahagi ng Central India. Ayon sa pinakahuling datos, kumikilos sila sa 182 distrito, pangunahin na sa mga estado ng Jharkhand, Bihar, Andra Pradesh, Chhattisgarh, Madhya Pradesh, Maharashtra at West Bengal.

Sa ilang lugar ay namamayani na ang mga rebolusyonaryong pwersa at halos pinalitan na nila ang lokal na pamahalaan. Nakapaglulunsad sila ng matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa mga pwersa ng gubyerno.

Hayagang inamin ng pinuno ng India na bigo ang estado nitong nakaraang limang taon na pigilin ang pag-abante ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Inamin din niyang ang mga Maoista ay may malakas na suporta sa isang malaking seksyon ng lipunan ng India, kabilang ang mga komunidad ng mga tribo, mga maralita at gayundin ang mga seksyon ng intelihensya at kabataan.

Rebolusyonaryong kumander ng Cuba, pumanaw na

PUMANAW nitong Setyembre 11 si Bise Presidente Juan Almeida ng Cuba, rebolusyonaryong kumander na kasama ni Fidel Castro na lumaban sa diktadurang Batista. Atake sa puso ang ikinamatay ni Almeida sa edad na 82.

Si Almeida ay myembro ng Komite Sentral at Kawanihang Pampulitika ng Cuban Communist Party at isa sa iilang nabubuhay pang lider ng Cuba na may titulong "Kumander ng Rebolusyon." Ilampung libo ang dumalaw sa kanyang burol upang magbigaypugay kay Almeida.

Malaki ang paghanga ng mga Cuban kay Almeida. Kasama niya sina Fidel at Raul Castro sa pagatake noong 1953 sa baraks ng reaksyunaryong militar sa Moncada na itinuturing na simula ng rebolusyong Cuban. Kasama rin ni Almeida ang magkapatid na Castro at si Ernesto "Che" Guevarra sa makasaysayang barkong Granma na sinakyan ng mga rebolusyonaryong Cuban nang pasukin nila ang kabiserang Havana at mapabagsak si Fulgencio Batista na suportado noon ng US. Nang maipanalo ang rebolusyon at maitayo ang rebolusyonaryong pamahalaan noong 1959, naging heneral ng Revolutionary Armed Forces ng Cuba si Almeida.

Bilang isang African-Cuban, naging simbulo si Almeida ng kalayaan ng mga Cuban na biktima ng rasismo at diskriminasyon noong dekada 1950. Isa rin siyang manunulat at kompositor ng mahigit 300 kanta.

Taon XL Blg. 18 Setyembre 21, 2009 www.philippinerevolution.net


Editoryal

Laban ng bayan kay Arroyo sa halalang 2010

ng nalalapit na halalang 2010 ay idaraos sa harap ng nag-aalimpuyong galit ng mamamayan sa rehimeng Arroyo. Sa harap ng kaliwa't kanang korapsyon, kalupitan at mga kasinungalingan ng rehimen, matatag ang determinasyon ng bayan na patalsikin at panagutin ito—sa pamamagitan man ng boto o tuwirang sama-samang pagkilos. Ang darating na halalan ay inaasahan ng marami na magsisilbing pagkakataon upang husgahan at iwaksi si Gloria Arroyo at ang kanyang mga alipures, itapon sila sa basurahan ng kasaysayan at parusahan sa mga krimen nila sa bayan.

Subalit tulad ng dati, ang nakatakdang halalan sa 2010 ay magpapakita lamang sa labis na kabulukan ng naghaharing sistemang pampulitika at magsisilbing paraan para magpatuloy ang mapang-api at mapagsamantalang sistema. Patuloy na maghahari rito ang maruming pulitika ng mga reaksyunaryong uri at ang pagwawagi'y nakasalalay sa paggamit ng salapi, panlilinlang, pyudal na impluwensya, karahasan, maruruming maniobra at pandaraya.

Ibayong pinasasahol ng naghaharing rehimeng Arroyo ang kabulukan ng naghaharing sistemang pampulitika at ng reaksyunaryong eleksyon. Sa desperasyon nitong manatili sa poder, ginagamit nito ngayon ang lahat ng rekurso ng estado at pinakamaruruming paraan upang mailuklok ang alipures nito sa Malacañang at sa gayo'y maipagpatuloy ang kanilang pagnanakaw sa kabang-bayan at maiwasan ang pagharap sa



mga kasong kriminal.

Inaasahan ni Arroyo na oras na maupo ang kanyang alipures sa poder, isasakatuparan nito ang pagbabago ng konstitusyon upang gawing parlamentaryo ang sistema ng gubyerno. Bibigyang-daan nila ang pag-upo ni Arroyo bilang punong ministro. Sakaling mabigo sa layuning ito, tuluy-tuloy na kinokonsolida ni Arroyo ang kanyang pwersa sa loob ng militar at pulisya habang kaliwa't kanan ang pagbubuo ng mga senaryo para sa posibleng pagpapataw ng isang anyo ng paghaharing militar.

Sinasamantala at pilit na pinalalala ng pangkating Arroyo ang pagkakawatak-watak ng pampulitikang oposisyon upang makalamang sa eleksyon sa kabila ng sukdulang pagkakahiwalay ng naghaharing rehimen sa mamamayan. Bigo pa ang pampulitikang oposisyon na magkaisa sa ilalim ng iisang banderang anti-Arroyo, tanda ng lalim ng pagkakahati ng mga naghaharing uri sa iba't ibang paksyon batay sa kani-kanilang interes sa ekonomya at pulitika.

Sa kabilang panig, patuloy na lumalawak ang kilusan ng mga mamamayang nagnanais gamitin ang halalang 2010 bilang karagdagang larangan ng pakikibaka para sa pagpapatalsik sa kinamumuhiang rehi-

Mga tampok sa isyung ito...

Daluyan ng nakaw na yaman

PAHINA 2

Kambal-pasista, kambal-tuta

PAHINA 4

Mga kasapi ng MILF sa pagsasanay-medikal ng BHB PAHINA 7

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*